

SONGS FOR OCTOBER MALIIT NA MISAL

PAMBUNGAD NA AWIT

Bayan, Umawit
“Himig Heswita”
(Borres, Baltazar at Francisco)

koro
Bayan umawit ng papuri
Sapagkat ngayon ika’y pinili
Iisang bayan, iisang lipi,
Iisang Diyos, iisang hari

Bayan umawit ng papuri
Bayan umawit ng papuri

Mula sa ilang ay tinawag Diyos
Bayang lagalag inangkin ng lubos
‘Pagkat kailanma’y ‘di pababayaan
Minamahal N’yang kawan. (*koro*)

Panginoon ay Purihin
“Himig Heswita”
(Borres, Que at Aquino)

koro
Panginoon ay purihin,
ngalan N’ya ay dakilain
Panginoon ay purihin,
ngalan N’ya ay dakilain

Panginoon , Ikaw ang may likha
Ng langit, dagat at lupa,
Ng B’wan araw at mga bituin,
Tanang nilalang sa papawirin. (*koro*)

ISANG BANSA (see September Misal)

AWIT SA PAG-AALAY

Pag-aalay, Pag-aalaala
“Anamnesis”
(Sevilla)

koro:
Pag-aalay namin sana ay kalugdan Mo,
Isang bayan na nagpupugay, nagmamahal Sa’yo
Sa anyo nitong tinapay na nagdudulot ng buhay,
At alak na sagisag ng bigay Mong kaligtasan.

Pakinggan Mo kami, mapagkalingang Diyos
Itulot Mong sarili namin laging maihandog.
Sa banal Mong hapag ngayon
Amin nang ginaganap.(koro)

Tunghayan Mo kami sa yaman ay kapos.
Gawing karapat-dapat bunga ng pag-papagod
Sa banal na pagtitipon,
Pag-ibig ang tugon(koro)

ANG ALAY KO
(Samonte- Mangulabnan)

1.Tanggapin Mo, Panginoon
Itong aking alay sa ‘yo
Ibibigay, iaalay
Lahat ng yaman at buhay.

Koro:
Ihahandog sa ‘yo
Papuri sa ngalan mo
Kahit na may kasalanan itong pusong nagmamahal
Tanging hiling sa ‘yo
Sana’y tanggapin ang alay ko.

2. Ang aking dalangin
Maging karapatdapat sa iyong tingin
Itong pusong nananabik
Na makapiling ka tuwina.

Koda: ako ay tunatawag sa ‘yo
Sana’y tanggapin
Sana’y tanggapin
Sana’y tanggapin

Ang alay ko.

AWIT SA KOMUNYON

Salmo ng Pagpupuri
“Anamnesis”
(Del Rosario at Sevilla)

koro
Si Yahweh papurihan, ang Ngalan N’yang banal
Purihin mo t’wina aking kaluluwa,
Purihin ang Diyos at huwag mong lilimutin,
Ang Kanyang kabutihan.

Ang lahat kong kasalanan,
Siya ang nagpapatawad.
Sa kamataya’t sakit ililigtas ako,
Pinagpapala ako sa pag-ibig Niya at hapag.(koro)

Ang gawa Niyang kahanga-hanga, Israel ang siyang saksi.
Kay ganda ng Kanyang kalooban,
Mahabagin ang Diyos at kung magalit ay banayad,
Kung umibig naman ay lubos.(koro)

Coda:
Purihin ang Diyos at huwag mong lilimutin
Ang Kanyang kabutihan.

Kristo, Daan ng Buhay
“ICONS-Unang alay”
(Rev. Fr.Castro at Rev. Fr. Magnaye)

koro:
Kasama ni Kristo ako’y nabubuhay,
Salita Niya’y bukal ng buhay
Ngayo’y ini-aalay sa Kanyang mga kamay,Yaring aking buhay.

Ako’y bibihisan ng bagong buhay,
Itataas karangala’t dangal,
Sa paglalakbay, ito’y aking tangan
Laban sa kasamaan(koro)

Taglay kong liwanag,
Sa aking daan maglalayo sa kapahamakan,
At mag-aakay ng sino pa man,

tungo sa sambayanan,(koro)

Panalangin ng Kapayapaan
“OLAS Collection”
(Rev. Fr. Tibong)

Panginoon, ako’y iyong gawin daan ng ‘Yong kapayapaan, upang maihatid ang yong pagmamahal sa pusong may lumbay at kay lamig.
Pagdurusa aking papawiin ligaya ang siyang ihahatid, at kung sakali ma’t may alinlangan, idudulot walang hanggang pananalig.
Panginoon, dalangin ko t’wina, maghari ang Iyong kalooban ang magmahal higit sa mahalín, ang umunawa kaysa unawain.
Ang magbigay na di naghihintay ng kapalit na kaginhawaan maging buhay ko ma’y ipagkakaloob upang sa piling Mo’y mabuhay na walang hanggang.

Oktubre 9
Salmo 23
“ICONS-Unang Alay”
(Rev. Fr. Magnaye)

koro:
Ang Panginoon ang aking pastol, Hindi ako magkukulang
Ako ay Kanyang pinagpapahinga sa mainam N’yang pastulan.

Inakay ako sa tahimik na batis at dulot Niya’y bagong lakas
Tapat sa pangakong ako’y sasamahan Niya, sa tuwid na landas.(koro)

Daan ma’y puno ng dilim o ligalig, hindi ako mangangamba
Tungkod Mo’t pamalo ang siyang gagabay sa ‘kin at sasanggalang t’wina(koro)

NO MAS AMOR EL QUE TUYO (see September Misal)

PANG-WAKAS NA AWIT

Humayong Mapayapa
“Anamnesis”
(Sevilla)

Koro:
Humayong mapayapa, bayang umaawit.
Pag-ibig ni Kristo sa kapwa ihatid
Magpuri ang langit at lupa,
Magalak sa pag-asang nabatid.
Humayo’t ibalita, kaligtasan ay sumapit

Ang Diyos ay purihin, liwanag ng buong daigdig!

Panginoon ay lagi nating purihin.
Tinawag Niya tayo sa Kanyang piging
Huwag mangamba, pangako ng Diyos
Siya'y lagi nating kapiling.(koro)

Pasasalamat sa puso ay aawitin
Kanyang mga likha biyaya sa 'tin
Butihin ang Diyos hindi nagkukulang
Siya'y laging sumasa-atin.(koro)

Coda:
Ang Diyos ay purihin, liwanag ng buong daigdig!

**Papuri at Pasasalamat
“Magsiawit sa Panginoon”
(Honrada)**

***koro:
O Panginoon ko
buong puso kitang pasasalamatan
ang kahanga-hangang ginawa Mo Yahweh
aking isasaysay dahilan sa”Yo
ako’y aawit ng may kagalakan
pupurihin Kita sa aking awit
Panginoong kataas-taasan***

Pupurihin Kita aawitang may galak
Puspos Ka ng katarungan dakila Ka sa lahat